



دار زايد للثقافة الإسلامية  
Zayed House For Islamic Culture

# Ang Bansang UAE at ang Paggawa



zhic.uae @zhic\_uae zhic\_uae zhic

800 555



اتصل على  
JUST CALL

P.O Box: 16090, Al Ain, U.A.E  
www.zhic.ae contact@abudhabi.ae

Itinuturing ang larangan ng paggawa bilang pangunahing pangangailangan sa buhay. Sapagkat hindi lamang ito gawaing pinagkakakitaan, ngunit ito rin ay humuhubog sa katauhan at kasarinlan ng isang tao, at nagbibigay-direksyon sa kanyang buhay.

Ang kahalagahan ng paggawa ay makikita sa pagbibigay nito ng karangalan at paggalang sa mga manggagawa. Pinatitibay nito sa puso ng tao ang pagpapahalaga sa paglilingkod sa iba, kaya't kanilang nakakamtan ang pagkalugod ng kapwa at pagpapasalamat. Ang paggawa ay isang uri ng paglilingkod sa Allah, sapagkat ito ay ipinag-utos ng ating relihiyong Islam at likas na katangian ng tao. Katotohanang ang manggagawa ay magkakamit ng gantimpala mula sa Allah kapag ang gawaing kanyang isinakatuparan ay may kaakibat na katapatan. Lalung-lalo na kung ang kitang kanyang pinaghirapan ay kanyang ginamit bilang pantustos sa pangangailangan ng kanyang pamilya at bilang pakikibahagi sa pagpapanatili sa katiwasayan ng lipunan.

Katotohanang ang saligan ng isang matagumpay na lipunan ay ang pagkakaisa at pagtutulungan ng mga tapat na mamamayan. Ang paggawa ay nangangailangan ng lakas ng kalooban at lubos na pagnanais. Ang tagumpay ay hindi makakamtan kundi sa pamamagitan ng mahusay na paghahanda at tuluy-tuloy na paggawa. Sapat na ang bansang UAE bilang isang mabuting halimbawa ng mahusay at tagumpay na pagpapatupad ng mga proyekto sa larangan ng paggawa.

Ang larangang ito ng paggawa sa bansang UAE na sinimulan noon ng ating ama na si Sheikh Zayed bin Sultan Al Nahyan [kahabagan nawa siya ng Allah]- na nagbunga ng pagkakaisa ng mga probinsya hanggang sa naging isang bansa. Nagsilbing parang isang butil na kanyang itinanim at tumubo na ngayon ay pinagsisikapang tularan ng mga kasalukuyang pinuno ng bansa. Sila ay nagsisikap at masigasig na naninilbihan para sa mamamayan, kaakibat ang mahuhusay na pamamaraan tungo sa tagumpay at kaunlaran ng bansa.

Ang UAE ay nagpatibay ng malinaw na plano at pananaw para sa kinabukasan nito. Binigyan nito ng malaking pagpapahalaga ang pagpapaunlad sa kakayahan ng mga mamamayan lalo na ng mga kabataan at pagbibigay ng pagkakataon sa kanila na mapaunlad ang pamumuhay, taglay ang hangarin ng pagkakaisa tungo sa pangkalahatang tagumpay. Lahat ng ito ay nagkatotoo sa pamamagitan ng matalino at mahusay na pangunguna ng mga pinuno ng bansa. Katotohanang ang bansang UAE ngayon ay nangunguna sa buong mundo sa larangan ng pagkamit ng mithiin at tagumpay sa pagsasagawa ng mga proyekto.

Ang kamangha-manghang pagsisikap at pagpupunyagi ng bansang UAE ay nagdala sa bansang ito tungo sa pangunguna sa maraming larangan ng paggawa sa buong mundo. Kabilang sa mga ito ay ang: Masdar Renewable Energy City sa Abu Dhabi, Mohammed Bin Rashid Space Center, Expo 2020, Solar Fuel Stations, Astra Aircraft Manufacturing Company, at ang UAE Passport bilang pinakamakapangyarihan sa buong mundo. Sinabi ni Sheikh Mohammed Bin Rashid Al Maktum[pangalagaan nawa siya ng Allah]: “Ako at ang aking mga kababayan ay hindi masisiyahan sa anuman maliban sa pagiging una.”